



# Si **Mabi Tutubi** na Kawili-wili

Kuwento ni  
Suzette Mae Narisma - Felisilda

Guhit ni  
Neil Edward D. Diaz







Mako  
paruparo



otap  
Alitaptap



Yogyogy  
bububogy



Mabi



Tutubi

*Mga Kasanayan sa Pagkatuto  
Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula (FIPN-Iia-3).*





# Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant of the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use of any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies, and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Felisilda, Suzette Mae N. *Si Mabi Tutubi na Kawili-wili*. DepEd – BLR, 2019.

## DEVELOPMENT TEAM

Writer: Suzette Mae Narisma - Felisilda

Illustrator: Neil Edward D. Diaz

Learning Resource Managers: Christopher P. Felipe  
Analiza C. Almazan

Davao del Sur  
Region XI



Si  
**Mabi**  
**Tutubi**

**na Kawili-wili**





“Aaah,  
Tulong!  
Tulong!”

Ubod lakas  
na sigaw ni  
Mabi Tutubi.



“Hala, napano ka Mabi?”  
agad na lumapit si Mako  
Paruparo sa kaniyang kaibigan.





Nang si Mako Paruparo ay  
nasa harapan na, bigla siyang  
itinulak ng kaibigang makulit.

“Aray!” ang sigaw ni Mako  
Paruparo. “Ang pakpak ko!  
Ang sakit!”











At lumipad na si Mabi Tutubi  
papalayo sabay sigaw, “Biro lang  
Mako!”

Wala nang nagawa at napaiyak  
na lamang ang paruparo.





Nakita naman ngayon ni Mabi  
Tutubi si Otap Alitaptap.

Kaniya itong ginulat at...  
“Boooog!” Ang kalabog ng  
munting kulisap.






“Ha! Ha! Ha! Gulat na gulat ka Otap!” Tawang-tawa na wika ni Mabi Tutubi.

“Grrr! Ikaw talaga Mabi, bakit ka ba nanggugulat?” Ang galit na galit na sigaw ni Otap Alitaptap habang nagpapagpag ng katawan.







Nadumihan tuloy ang damit ni  
Otap nang mahulog sa dahon  
dahil sa pagkakagulat.


“Ha! Ha! Ha! Biro lang Otap!”  
at lumipad na papalayo si Mabi  
Tutubi.



Sa isang hardin, si Mabi Tutubi  
ay nakarating.

Nakita niyang abalang-  
abala ang mga bubuyog sa  
paghahakot ng pulot.

Nakita ni Mabi Tutubi ang  
kaibigan na si Yogyog Bubuyog.







Dahan-dahan niyang nilapitan si  
Yogyog Bubuyog na nahihirapan sa  
dala-dalang pulot.

“Boooooom!” Sigaw ni Mabi sabay  
lipad papalayo.

Sa pagkakagulat ay tumilapon  
ang pulot na dala ni Yogyog  
Bubuyog.





“Grrr! Ikaw talaga Mabi!”  
mangiyak-ngiyak na wika ni  
Yogyog Bubuyog. “Isusumbong  
kita sa nanay mo!” galit na galit  
niyang hiyaw.

“Ha! Ha! Ha! Biro lang Yogyog!”  
malakas na sigaw ni Mabi Tutubi  
habang lumilipad papalayo.







Buong maghapon, ganoon  
ang ginagawa ni Mabi Tutubi.  
Manggulat nang manggulat  
hanggang naiinis na ang lahat.  
Kaya kay Nanay Tutubi, sila ay  
galit na galit na nagsumbong.





Nang makarating sa bahay  
nila si Mabi Tutubi, nakasimangot  
na ang kaniyang nanay.

“Mabi, hindi ka na  
nakakatuwa,” mahinahon pa  
ring sabi ng nanay niya.



“Biro lang naman po iyon Nanay,” ang tila nakokonsensiya niyang tugon.





“Anak, kapag ang biro mo  
ay nakasasama o nakasasakit,  
huwag mo nang ipilit,” pangaral  
ng nanay. “Baka sa susunod ikaw  
na ang mapahamak. Imbis  
na matuwa, baka  
ikaw ang maging  
kawawa.”








Ngunit si Mabi Tutubi ay  
sadyang makulit. Ang pangaral  
ng kaniyang nanay ay kaniyang  
iwinaglit.

Kagaya ng dati, masiglang  
lumilipad si Mabi Tutubi sa iba't  
ibang lugar. Naghahanap ulit ng  
insektong kanyang maaasar.






Hanggang makarating siya sa isang tulay na may mga insektong nakatambay.

Dahan-dahan siyang lumapag malapit sa isang tipaklong. Ngunit huli na nang kaniyang malaman na ito ay isa palang patibong.







Nang iniangat niya ang kaniyang paa mula sa sapot ng gagamba, ito ay nakadikit na pala.

“Tulong! Tulong!” ubod lakas na sigaw ni Mabi Tutubi.





Napadaan si Mako Paruparo.  
Inakala lang niyang si Mabi Tutubi  
ay nagbibiro.

“Naku, Mabi Tutubi. Ikaw  
ngayon ay magsisisi. Hindi mo na  
ako maloloko sa iyong  
masamang biro,” at  
tuluyang lumayo si  
Mako Paruparo.







“Tulong! Tulong!” muli’y ubod lakas na sumigaw si Mabi Tutubi.

Napadaan naman si Otap Alitaptap at nakita si Mabi Tutubi na humihingi ng saklolo.







“Naku, Mabi Tutubi. Ikaw ngayon ay magsisisi. Hindi mo na ako maloloko sa iyong masamang biro,” at tuluyang lumayo si Otap Alitaptap.



“Tuloooong! Tulooooong!  
Tulungan ninyo ako,” halos  
namamaos na sigaw ni Mabi  
Tutubi.

Nawawalan na siya ng pag-  
asa. Kapag naabutan siya ni  
Osama Gagamba, tiyak na siya  
ay magiging ulam na malasang-  
malasa.





Napadaan naman si Yogyog  
Bubuyog. Nakita niya si Mabi  
Tutubi na hinang-hina na.

“Mabi Tutubi, ang biro na yan  
ay lubhang delikado,” labis na  
pag-aalala ni Yogyog Bubuyog.







“Hindi ako nagbibiro Yogyakarta,”  
seryosong sambit ni Mabi.  
Sa sobrang panghihina halos  
wala na siyang boses.





Mabilis na lumipad si Yogyog  
Bubuyog upang humingi ng tulong  
sa mga kaibigan. Pagbalik niya ay  
kasama na niya sina Mako Paruparo  
at Otap Alitaptap.



Ang pang-aasar ni Mabi noon  
ay ginantihan nila ng kabutihan  
ngayon. Walang pag-aatubiling  
tinulungan nila si Mabi Tutubi  
upang maalis sa sapot.

Hinila nila nang hinila  
hanggang matanggal sa  
pagkapulupot.





Hanggang sa wakas,  
si Mabi Tutubi ay  
kanilang nailigtas.








Kaya lubos-lubos ang pasasalamat ni Mabi Tutubi sa tatlong kaibigang may malasakit. Taos puso siyang humingi ng tawad at nangakong siya ay magpapakabait na.





Mula noon, si Mabi Tutubi ay mas naging kawili-wili. Ang mga biro niya ay hindi na nakasasama at iniisip na niyang mabuti.






Unang Baitang.

## Tungkol sa May-akda

Si Suzette Mae Narisma - Felisilda ay nagtapos ng Bachelor in Elementary Education sa Cor Jesu College of Digos. Siya ay sampung taon na nagtuturo sa mababang paaralan ng Kiblagon, Sulop, Davao del Sur. Nakapagturo siya sa Unang Baitang sa loob ng anim na taon. Handog niya ang kuwentong ito sa bawat kabataang Pilipino na nasa




## Tungkol sa Tagaguhit

Si Neil Edward D. Diaz ay isang Project Development Officer II sa Learning Resource Management Section ng DepEd Davao del Norte kung saan sila ay gumagawa ng mga *learning materials* na maaring gamitin sa pagtuturo at pag-aaral. Sa tulong ng ibang ahensya, marami na siyang nagawang *Information, Education and Communication*

*Materials* para sa *Teenage Depression & Suicide, Adolescent Health, Road Safety, Drowning*, atbp. Siya rin ay kasapi ng DepEd National Illustrators.





# Si Mabi Tutubi na Kawili-wili

Si Mabi Tutubi ay isang insektong pilyo. Ang mga biro niya ay nakasasakit o nagdadala ng panganib sa kanyang kapuwa. Ito ay hanggang natuto ng leksiyon ang makulit na kulisap sa mahirap na paraan. Sa tulong ng kaniyang mga kaibigang handa siyang tulungan, mailigtas kaya siya mula sa tunay na kapahamakan?